



Internasyonal na Pahayagan ng mga Ina ng Panalangin

United Pentecostal Church International Ladies Ministries

Agusto 2014

Internasyonal na mga Ina nang Panalangin

Sino Kami? Simula pa noong 1999: Ang "Mothers of Prayer International" ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-una ng kada buwan upang manalangin ng sama sama prara sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan. An gaming Misyon... Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon, gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan... Mga Kababaihan na handing maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang lubusan at puspusan na ipanalangin ang kanilang mga anak tuwing ika-unang lunes na kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa panalangin:

1. Kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25, Awit 144:12, Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (1Juan 2:25-28).
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)

Pagbabalik Eskwelahan

Ni Debbie Akers



Itong buwan na ito ang ating mga anak ay babalik sa kanilang klase upang mag-aral at mahubog sa lipunang kasanayan. Ito ay isang magandang bagay at kinakailangan. Subalit padami ng padami ang mga paaralang na nagiging mapanganib na lugar.

Itong nakaraang taon ang eskwelahan ng aking apo ay kinandado ng isang di kilalang tao sa kabila ng mataas ng lebel ng sekyuridad ng paaralan. Ang mga balita ay puno ng mga katulad na pangyayari sa buong mundo, ang iba ay trahedyang naidulot.

Sa tuwing ako ay makaririnig ng mga ganitong pangyayari, aking naaalala kung paano ang aking ina ay lumuluhod araw araw sa panalangin bago kami magtungo sa paaralan. Ang panalangin ay mahalaga at MAKAPANGYARIHAN!

Aking inaayayahan ang mga ina sa lahat ng dako ng mundo, ako'y inyong samahan araw araw upang manalangin para sa kaligtasan ng ating mga anak sa kanilang mga paaralan itong taon. Nararamdaman ko na ang Panginoon ang nalagay nito sa aking puso at alam kong Siya lamang ang may kakayahang mag-ingat sa ating mga anak sa lahat ng panganib!

“Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan; Kaniyang iingatan ang iyong kaluluwa.” –Awit 121:7

“Pagpalain ka nawa at ingatan ni Yahweh; nawa’y kahabagan ka Niya at subaybayan; Lingapin ka nawa Niya at bigyan ng kapayapaan. Ganito nila babanggitin ang pangalan ko sa pagbebendisyon sa mga Israelita at pagpapalain ko ang mga ito.” Bilang 6:24-27

Pagtuturo sa isang bata Ni Adena Pedigo



Noong Mayo 31, 2014, ang aking pinakabataang anak ay nagtapos ng high school. Ang aking asawa na si Tim ay naging tagapagsalita sa Seremoniya ng Pagtatapos ng aming anak. Sa kaniyang halimbawa kaniyang sinabi “Ang isang bata mula sa kindergarten hanggang high school ay gugugol ng 2,160 araw o 18,900 oras sa kanyang buhay paaralan.”

Ako'y napaisip, 18,900 oras ng pag-aaral ng wika, bilang, agham, panitikan, sining, musika at iba pa. Akin naitanong sa aking sarili, “Ilang oras ng ang aking ginugol sa kaniya upang siya ay turuan ng mga bagay patungkol sa Panginoon?” Aking dinadala ang aking mga anak sa simbahan. Kami ay nanalangin bilang isang pamilya at nag-uusap tungkol sa Diyos at kung paano maging isang mabuting kristiyano magmula ng sila’y ipanganak. Ngunit, ako ba ay naglaan ng 18,900 oras sa aking mga anak? Maaari bang mas madami akong nagawa?

“Ibigin ninyo Siya nang buong puso, kaluluwa at lakas. Ang mga utos Niya’y itanim ninyo sa inyong isip. Ituro ninyo ito sa inyong mga anak, sa loob at labas ng inyong tahanan, sa oras ng pagawa at pamamahinga, sa lahat ng lugar at lahat ng panahon.” (Deuteronomio 5-7)

Tayo ay nabubuhay sa panahon kung saan kailangan nating manalangin at turuan ang ating mga anak patungkol sa Panginoon. Hindi tayo dapat dumepende lamang sa ating Simbahan na magturo sa ating mga anak tungkol sa mga ispiritual na bagay. Bilang mga magulang, tayo ang dapat humubog sa ating mga anak. Dapat tayong maglaan ng oras para sa kanilang ispiritual na paglago.

Ang mga bata sa kasalukuyan ay naghahanap ng kasagutan sa tanong na, “Bakit”?

- Bakit tayo naniniwala na may iisang Diyos lamang?
- Bakit ang Gawa 2:38 ang pundasyon ng ating pananampalataya?
- Bakit mahalaga ang kabanalan?

Tayo ay binigyan babala, “Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila.” 1 Pedro 5:8. Ayokong makuha ng kaaway ang aking mga anak, at siguradong hindi ninyo rin ito gugustuhin. Tungkulin natin ituro sa kanila ang kapahamakan na wala ang Panginoon sa sentro ng ating mga buhay. Dapat tayong maging masipag sa pagtuturo, paghuhubog at pagdadasal para sa ating mga anak.

“Ituro sa bata”(Kawikaan 22:6) ay isang parirala na madalas na ginagamit ngunit malaki ang responsibilidad nating mga magulang dito. Ang pagiging isang magulang ay isang seryosong lakbayin.

Ating makikita ang ating mga anak na makapagtapos ng pag-aaral, ikasal at makamit ang iba't ibang layunin sa buhay. Ngunit wala ng hihigit pa sa tagumpay na makita nating sila at masabi katulad ng sinabi ni Apostol Juan, "Wala ng hihigit pa sa kagalakan na marinig ang aking mga anak na lumalakad sa katotohanan." (III Juan 4)

Nota: Si Adena Pedigo ang Presidente ng Indiana Ladies Ministries. Siya at ang kaniyang kabiyak na si Tim ay mga Assistant Pastors ng Calvary Tabernacle sa Indianapolis, na pinagpapasturan ni Rev. Paul D. Mooney. Siya ay biniyayaan ng dalawang anak, Maci at Georgeon Pedigo.

Ang Pinakamahalagang Leksyon

Ni Darla Dillon

Ako ay tinawag sa maraming tungkulin sa aking buhay ngunit wala ng hihigit pa sa pagpapalaki sa aking mga anak. Nang aking ipanganak ang aking panganay na anak, kami ng aking asawa ay natuto sa araw araw, isang hamon bawat araw.

Ang bibliya at nagtuturo sa Kawikaan 22:6, "Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan." Mula sa kapanganakan hanggang sa paglaki tayo ay mayroon lamang sandaling panahon upang turuan ang ating mga anak upang maunawaan ang mga bagay patungkol sa Panginoon, upang sila'y hubugin at ihanda sa paglilingkod sa Diyos.

Araw araw dapat nating bigyan halaga ang maikling panahon na ibinigay sa atin. Dapat nating alagaan ang pinakamahalagang bagay at hayaan silang sumunod dito. Hindi sapat ang ating panahon upang gawin ang lahat ng bagay kaya't maging matalino tayo sa pagpili ng mga bagay na magkakaroon ng halaga sa kanilang buhay.

Maraming mga bagay na maaaring magbigay impluwensiya sa ating mga anak. Ngunit ako'y naniniwala na may napakahalagang leksyon, ang magturo kasama ang ating pamumuhay.

Laging sinasabi, "Ang ating mga gawa ay higit na malakas kaysa sa mga salita." Ito ay totoong totoo. Habang lumalaki ang ating mga anak, nakikita nila ang impluwensiya ng buhay kristiyano- ang pagsisimba, ang Salita ng Panginoon- Turo tuwing Linggo, banal na pamumuhay at marami pang iba. Kanilang sinusukat ang kanilang naririnig sa kanilang nakikita sa ating mga tahanan. Ating pinatotohanan ang ating itinuturo sa kanila sa pamamagitan ng ating buhay na kanilang nasasaksihan araw araw.

Ang ating mga prinsipyo, turo, at prayoridad ang pinakamagandang leksyon na maaari natin ibigay sa kanila. Maaari natin itong ipakita sa mga sumusunod na halimbawa:

- Pagbuo ng malalim at malapit na relasyon sa Panginoon.
- Pagmamahal sa Salita ng Diyos.
- Pagpapakita ng Kahalagahan ng Panalangin.
- Ang Pagsisimba at mga Gawain sa Simbahan bilang mahalagang bagay.
- Respeto sa Simbahan, sa mga namumuno at sa mga miyembro.
- Pagpili ng tamang desisyon sa ating mga ginagawa at hindi ginagawa.

Napakalaking impluwensiya natin sa ating mga anak sa maraming paraan. Kaya't ako ay naniniwala na ang ating gawa at buhay ang pinakamalagang leksyon na maaari natin ituro sa kanila.

"Kayo na rin ang aming rekomendasyon, nakatitik sa aming puso upang makilala at mabasa ng lahat." 2 Corinto 3:2

Tala: Si Darla Dillon ay isang asawa ng Pastor, may tatlong anak, tatlong apo at isang nasa sinapupunan pa. Siya ren ay ang Presidente ng Ministeryo ng Kababaihan ng British Columbia District.

**Huwag kalimutang ang tatlong malalakas na kayamanan na laging handa para sa iyo:
pag-ibig, panalangin at pagpapatawad.
-H.J. Brown, Jr.**

Mula sa Sumulat



Debbie Akers

Ang Panginoon ay gumagawa ng mga kagikagilas na bagay!

Mula ng ako ay atasan sa pahayagang ito, ako ay nagkaroon ng layunin at pangitain na ito ay mailathala sa iba't ibang lengwahe. Ang Panginoon ay patuloy na nagbubukas ng mga pinto at ngayon ang pahayagang ito ay naisusulat na sa Ingles, Espanol, Pranses, Aleman, Olandes, Portuges, Ruso, Griyego, Arabe, Farsi, Tsek, Tsino, Swahili, Hanggaryan at Tagalog. Kami ay lubusang nagpapasalamat kila Sister Dianna Tuttle at Sister Jerolyn Kelley, at sa grupo ng tagasalin sa pahayagang ito sa bawat buwan. Gayundin, Si Rev. Don Hanscom ay nagtatrabaho upang isalin sa Urdu, Hindi, Thai, Tamil, Sinhalese at Laotian! Kaya sa ilalim ng direksyon ng Sister Gwyn Oakes, UPCI Ladies Ministries Pangulo, upang mas mahusay na kumatawan sa aming misyon ng panalangin para sa ating mga anak sa buong mundo, pasulong na nakilala kami bilang mga ina ng Panalangin Internasyonal. Kami ay nagagalak at nanalangin sa Panginoon upang patuloy na pagpalain itong Panalangin Ministeryo namin. -Debbie Akers, UPCI, mga ina ng Panalangin Internasyonal, Coordinator at Editor.

Mangyaring magpadala ng mga ulat papuri at mga ideya ng pulong Panalangin sa:
MotherOfPrayerIntl@aol.com at debiakers@aol.com

Mga ina ng Panalangin Ulat Internasyonal Mula sa Pransya

Mabuhay! Gusto kong magpasalamat para sa kalidad ng pahayagang ito. Ibinabahagi ko ito sa mga kababaihan ng dalawang simbahan aming pinapastor at kanila itong inaabangan bawat buwan. Aming ginagamit ang mga salin sa Ingles, Pranses at Rusyan sa kasalukuyan. At kami ay natutuwa na ito ay maaari na ren mabasa sa Tagalog!

Pagpalain kayo nawa ng Panginoon- kayo ay napakalaking pagpapala sa lahat ng mga mananampalataya sa buong mundo! Sis. Darla Brochu, Kabiyak ng Pastor, Pransya

Mga ina ng Ulat Internasyonal Panalangin Mula sa Venezuela

Sis Akers,
Pagbati sa Pangalan ni Jesus. Ang aming mga kababaihan dito sa Venezuela ay nasasabik tungkol sa Ina ng Panalangin at sinimulan na nila na magkaroon ng espesyal na mga pulong tuwing Sabado upang manalangin ang mga ina para sa kanilang mga anak. Aking sinusubukan sa bawat buwan na magpadala ng bersyon Espanyol sa mga babae na nasa pamumuno dito sa kani-kanilang simbahan.

Maraming Salamat! -Sis. Gail Burton, Missionary sa Venezuela.

Ulat Papuri



Ako ay nagdiriwang at nagpapasalamat! Ang aking apong babae na si Madison Akers, (nakalarawan kaliwa) ay nabautismuhan nitong nakaraang Linggo ng gabi! (Hulyo 6, 2014)- Debbie Akers

Ang aming simbahan ay nagagalak at nagpapasalamat sa protesksyon ng Panginoon para sa isa sa aming nakababataang kababaihan nitong nakaraang Huwebes Hunyo 5. Si Grace ay nag-aaral sa Unibersidad ng Seattle Pacific sa Seattle, nang ang isang lalaki ay pumasok sa kanilang kampus at biglang nagpaputok ng baril. Nakakalungkot na isipin na bago siya malupig ng tatlong estudyante, tatlo na ang kanyang nabaril, ang isa ay tuluyan ng pumanaw sa hospital. Sinabi ni Grace na kung ang mamaril ay nagpunta bago o pagkatapos ng kanyang iskedyul sa klase, maaaring nandun siya ng mangyari ang barilan. Sinabi din niya na ang kanyang mga malalapit na kaibigan ay nasa iba't ibang dako ng kampus at ang iba ay nakauwi na. Bigla kong naalala ang Ina ni Grace na nanalangin ng mataimtim sa aming MOPI Pulong ng Panalangin ilang araw bago mangyari ang barilan.

Gusto rin namin magpasalamat sa mga Kababaihan ng United Pentecostal Church na nagsama sama ng araw/gabi na iyon upang manalangin.

Bilang karagdagang impormasyon na nailabas patungkol sa mamamaril, aming napagtanto na maaaring mas higit pa ang naging trahedyang nangyari sa mga estudyante. Hindi maikakaila na ang Panalangin ang nagligtas sa isa sa ating mga anak!

-Leah Seagraves, Asawa ng Pastor, SeaTac, WA

31 Turo ng Bibliya Tungkol Sa Pagdadasal Para Sa Ating Mga Anak(13-15)

13. Kadalisan -- "Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." (Mga Awit 51:10)

14. Kagandahang Loob -- "Tingnan nga ninyo na huwag gumanti ang sinuman ng masama sa masama; nguni't sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa'y sa iba, at sa lahat." (1Teselonica 5:15)

15. Bukas-palad -- "Na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi; Na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa panahong darating, upang sila'y makapanangan sa buhay na tunay na buhay." (1Timoteo 6:18-19)

Isinumite sa pamamagitan ni Gwyn Oakes. Copyright Bob Hostetler (www.bobhostetler.com). Ginamit nang may pahintulot ng may-akda.

Ministry Links

[Pentecostal Publishing House](#)
[Mothers of Prayer Intl](#)
[UPCI Ladies Ministries](#)
[Reflections](#)
[Today's Christian Girl](#)
[More to Life Bible Studies](#)
[World Network of Prayer](#)
[UPCI](#)
[My Hope Radio](#)
[Multicultural Ministries](#)

Mothers Memorial



Scan QR code for information on Mothers Memorial



The Girl in the Dress..... \$10.00

PPH Stock #: 22690 Lori Wagner

Kapana-panabik! Sa wakas, ang isang libro na isinulat lamang para sa batang babae - isang libro tungkol sa kahalagahan at kagandahan ng kabanalan. Ang "The Girl in the Dress" na libro ay tutulong sa atin upang malaman kung bakit mahalaga ang kababaang-loob at kadalisan sa panahong ito. Ang mga may-akda ay gumamit ng mahusay na paraan upang talakayin ang itinuturo ng Bibliya patungkol sa paglakad, pagsasalita at panamamit.

Tumawag kay Jane @ UPCI Ladies Ministries 314-837-7304 X 412 upang ilagay ang inyong order.